ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA PAG-ABUSO SA INIRERESETANG DROGA

drugfreeworld.ph

BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa **drugfreeworld.ph** at i-e-mail kami sa **info@drugfreeworld.ph.**

PAG-ABUSO SA INIRERESETANG DROGA ISANG MALALANG PROBLEMA

Ang panlibangang paggamit ng inireresetang mga droga ay isang malalang problema sa mga kabataan at mga nakababatang mayor-de-edad. Ipinapakita ng mga pambansang pag-aaral na ang isang kabataan ay mas malamang na umabuso ng inireresetang gamot kaysa sa isang ilegal na drogang nakukuha sa lansangan.

Iniisip ng maraming kabataang ang inireresetang mga droga ay mas ligtas dahil inireseta ito ng isang doktor. Ngunit ang paggamit sa mga ito para sa hindi medikal na dahilan para maging bangag o para "gamutin ang sarili" ay maaaring maging-kasing mapanganib at nakaaadik tulad ng paggamit sa ilegal na drogang nakukuha sa lansangan.

Mayroong napakatitinding panganib na pangkalusugan sa paggamit ng inireresetang mga droga. Ito ang dahilan kung bakit ang mga ito ay ginagamit lamang sa pangangalaga ng isang doktor. At kahit ganoon pa man, ang mga ito ay kailangang bantayang mabuti para maiwasan ang adiksyon at ibang mga problema.

Maraming pildoras ang pare-pareho ang hitsura. Napakamapanganib na uminom ng anumang pildoras na hindi ka tiyak o hindi inireseta para sa iyo. Maaari ring magkaroon ng magkakaibang reaksiyon sa mga droga ang mga tao dahil sa mga pagkakaiba sa kimika ng katawan ng bawat tao. Ang isang drogang mabuti para sa isang tao ay maaaring napakamapanganib, at maaaring nakamamatay pa, para sa ibang tao.

Ang inireresetang mga droga ay ligtas lamang para sa mga indibidwal na tunay na mayroong mga reseta para sa mga ito at wala nang iba.



INIRERESETANG MGA DROGA
ANG HINDI MO ALAM

Dahil sa kanilang potensiyal na abusuhin at makalulong, maraming inireresetang mga droga ang inuri ng US Drug Enforcement Administration sa parehong kategorya ng opium o cocaine. Kabilang sa mga ito ang Ritalin at Dexedrine (mga pampasigla), at ang mga painkiller na OxyContin, Demerol at Roxanol.

May panahong maraming ilegal na droga ang ginamit o inireseta ng mga doktor o mga psychiartrist ngunit kalaunan ay ipinagbawal noong lumabas na ang kanilang mapapanganib na epekto ay hindi na maaaring ipagsawalang-bahala. Mga halimbawa ay heroin, cocaine, LSD, methamphetamine at Ecstasy.

Ang pag-abuso sa inireresetang mga droga ay maaaring mas mapanganib kaysa sa pag-abuso sa mga drogang ilegal na ginawa. Ang matinding lakas ng ilan sa mga sintetikong (gawa ng tao) drogang nakukuha bilang inireresetang mga droga ay lumilikha ng malaking panganib sa pagkasobra sa dosis. Totoo ito lalo na't para sa OxyContin at katulad na mga painkiller, kung saan ang mga kamatayan dahil sa overdose (pagkasobra sa dosis ng droga) ay higit pa sa dumoble sa loob ng limang taon.

Marami ang hindi nakaiisip na ang pamamahagi o pagbebenta ng inireresetang mga droga (maliban sa galing sa doktor) ay isang uri ng pagbebenta ng droga at labag sa batas tulad ng pagbebenta ng heroin o cocaine, na may malalaking multa at nauuwi sa pagkakakulong. Kapag nauwi sa kamatayan ang o matinding pinsala sa katawan ang pagbebenta ng droga, maaaring maharap sa panghabambuhay na pagkabilanggo ang mga nagbebenta nito.

MGA URI NG INAABUSONG INIRERESETANG MGA DROGA

Ang inireresetang mga drogang ginagamit para sa libangan ay kinabibilangan ng sumusunod na pangunahing mga uri:

1. Mga Depressant: Karaniwang tinatawag na depressant ng central nervous system (pangunahing sistema ng nerbiyos na ang utak at gulugod), ang mga drogang ito ay nagpapabagal sa paggana ng utak. Kasama dito ang mga sedative (sedatibo, ginagamit para pakalmahin at paantukin ang isang tao) at mga tranquilizer (pampakalma, ginagamit para makabawas ng tensiyon o pagkabalisa).

2. Mga opioids at morphine at deribatiba:* Karaniwang tinatawag na mga painkillers, ang mga drogang ito ay naglalaman ng opium o mga substansyang katulad ng opium at ginagamit para magpaginhawa ng sakit.

3. Mga stimulant (pampagana): Isang uri ng mga droga na ginawa para pataasin ang enerhiya at pagkamaliksi ngunit nagpapataas din ng presyon ng dugo, tibok ng puso at pagbilis ng paghinga.

4. Mga antidepressant: mga psychiatric na droga na pinaniniwalaang lumulutas sa matinding kalungkutan.

* deribatiba: isang kemikal na substansyang binubuo mula sa isang kaugnay na substansya.

MGA DEPRESSANT

Paminsan-minsang tinatawag na "downer," ang mga drogang ito ay nakukuha sa mga tableta at kapsulang marami ang kulay o sa anyong likido. Ang ilang drogang nasa kategoryang ito, tulad ng Zyprexa, Seroquel and Haldol, ay kilala bilang "pangunahing mga tranquilizer o pampakalma" o "mga antipsychotic," dahil ang mga ito ay pinaniniwalaang nagpapabawas sa mga sintomas ng mga sakit sa isipan. Ang mga depressant na tulad ng Xanax, Klonopin, Halcion and Librium ay kalimitang tinatawag na "benzos" (maikling tawag para sa benzodiazepines*). Ang ibang mga depressant, tulad ng Amytal, Numbutal at Seconal, ay inuri bilang mga barbiturate—mga drogang ginagamit bilang mga sedatibo at mga mga pildoras na pampatulog. Ilan sa mga kilalang-kilalang tatak at mga sikat na pangalan:

Mga de-tatak na pangalan

- Xanax
- Valium
- Halcion
- Librium
- Ativan
- Klonopin

Mga Sikat na Tawag

- Candy
- Downers
- Sleeping pills
- Tranks

Mga de-tatak na pangalan

- Amytal
- Nembutal
- Seconal
- Phenobarbital

Mga Sikat na Tawag

- Barbs
- Reds
- Red Birds
- Phennies
- Tooies
- Yellows
- Yellow Jackets

* benzodiazepine: isang pampakalmang nagpapalambot ng mga kalamnan at nagpapakalma sa isipan.

PANANDALIANG MGA EPEKTO NG MGA DEPRESSANT

Kabilang sa panandaliang mga epekto ng mga depressant ay:

- Mabagal na takbo ng utak
- Napababang presyon ng dugo
- Kalituhan
- Pagkahilo
- Lagnat
- Mga kaguluhan sa paningin
- Kalituhan, kakulangan ng koordinasyon
- Kahirapan o kawalan ng kakayahang umihi
- Napabagal na pulso at paghinga
- Mahinang konsentrasyon
- Sobrang kapaguran*
- Hindi malinaw na pananalita
- Kabagalan
- Napalaking mga balintataw
- Matinding kalungkutan
- Pagkalulong

Ang mas matataas na dosis ay maaaring maging sanhi ng kahirapan sa pag-alala, pagpapasya at koordinasyon, pagka-iritable, paranoia,† at mga kaisipan ng pagpapakamatay. Ilang tao ang nakararanas ng kabaligtarang hinahangad na epekto, tulad ng pagkabalisa o pananalakay.

Ang paggamit ng mga sedatibo (mga drogang ginagamit para kumalma o magpahinahon) at mga pampakalma at ang ibang mga bagay, lalo na ang alkohol, ay maaaring magpabagal sa paghinga at tibok ng puso at maaaring humantong sa kamatayan.

* sobrang kapaguran: matinding pisikal o pangkaisipang kapaguran.
† paranoia: pagdududa, kawalan ng tiwala o takot sa ibang tao.

PANGMATAGALANG MGA EPEKTO NG MGA DEPRESSANT

Ang hindi na pagtalab ng maraming depressant ay maaaring mabilis na maganap, at kakailanganin ng mas maraming dosis para makamit ang parehong epekto. Ang gumagamit, na nagsusubok na makuha ang parehong "high", ay maaaring taasan ang dosis sa antas na nagreresulta sa coma (pagka-comatose) o kamatayan dahil sa overdose.

Ang pangmatagalang paggamit ng mga depressant ay maaaring magdulot ng matinding kalungkutan, matagalang sobrang kapaguran, mga kahirapan sa paghinga, mga problema sa sex at pagtulog. Habang tumataas ang pagdepende sa droga, mas nagiging karaniwan ang masisidhing paghahangad, pagkabalisa o pagkataranta kapag hindi makakuha ng mas marami pa ang gumagamit.

Kabilang sa mga sintomas ng withdrawal ang insomnia, kahinaan at pagkahilo. Sa mga patuloy na gumagamit at mga gumagamit ng matataas na dosis, maaaring magkaroon ng pagkabalisa, mataas na temperatura ng katawan, deliryo, mga guni-guni at mga kombulsyon. Hindi katulad ng withdrawal mula sa maraming droga, ang withdrawal mula sa mga depressant ay maaaring maging mapanganib sa buhay.

Pinapataas din ng mga drogang ito ang panganib ng mataas na blood sugar (dami ng asukal sa dugo), diyabetes, at pagtaas ng timbang (naiulat na nagkaroon ng pagkakataong hanggang 100 libra ang naidagdag sa timbang).

Sa isang pag-aaral na ginawa ng USA Today, batay sa mga datos ng Food and Drug Administration sa loob ng apat na taon, ang mga antipsychotic (isang uri ng depressant) ang pangunahing pinaghihinalaan sa 45 na mga kamatayang sanhi ng mga sakit sa puso, pagkahirin, pagkasira ng atay at pagpapakamatay.

Dalawang beses akong nasobrahan sa dosis ng iniresetang mga pildoras (Zyprexa) at mayroong isang malapit na kaibigang namatay sa parehong droga.... Walang mas masamang pakiramdam kaysa malamang namatay ang kaibigan mo dahil binigyan mo siya ng mga pildoras na hindi mo talaga gaanong kilala." — Linda



ROHYPNOL

Ang Rohypnol ay isang pampakalmang halos 10 ulit na mas malakas kaysa sa Valium. Ang droga ay nakukuha na isang puti o kulay olibang pildora at ito ay karaniwang ibinebenta sa plastik na paketeng may maliliit na lobo na gawa ng manggagawa ng droga. Dinudurog ng mga gumagamit ang mga pildoras at sinisinghot ang pulbos, ibinubudbod ito sa marijuana at hinihithit ito, tinutunaw ito sa isang inumin o itinuturok ito.

De-tatak na Pangalan

- Rohypnol

Mga Sikat na Tawag

- forget-me pill
- Mexican Valium
- R2
- Roche
- roofies
- roofinol
- rope
- rophies

MGA EPEKTO NG ROHYPNOL

Ang Rohypnol ay ginamit sa pagsasagawa ng mga sekswal na pag-atake dahil ginagawa nitong walang-kakayahang tumanggi ang biktima, binibigyan ito ng reputasyon ng bilang drogang ginagamit sa "date-rape".

Ang mga gumagamit ng Rohypnol ay kalimitang inilalarawan ang mga epekto nito na "nakapaparalisa." Ang mga epekto ay nagsisimula 20 hanggang 30 minuto pagkatapos inumin ang droga, ang rurok sa loob ng 2 oras at maaaring magpatuloy hanggang 8 o kahit 12 oras. Maaaring talagang mawalan ng kakayahan ang tao at bumagsak pa sila. Nakahiga sila sa lapag, bukas ang mga mata, may kakayahang mag-obserba ng mga nangyayari ngunit lubusang walang kakayahang gumalaw. Pagkatapos, nasisira ang pag-alala at hindi nila maaalala ang anuman sa mga nangyari.

Nakararanas ang tao ng pagkawala ng kontrol ng kalamnan, kalituhan, pagkahilo at amnesia.

Ang Rohypnol ay ibinebenta sa Europa at Latin Amerika bilang isang pildoras na pampatulog ngunit ilegal ito sa Estados Unidos.



MGA OPIOID AT MGA DERIBATIBA NG MORPHINE

Ang mga opioid ay mga drogang nagkaka-epekto sa nervous system (sistema ng nerbiyos) para magpaginhawa ng sakit. Ang patuloy na paggamit at pag-abuso ay maaaring humantong sa pisikal na pagdepende at mga sintomas ng withdrawal. Maaaring makuha ang mga ito bilang mga tableta, mga kapsula o bilang likido.

Ilan sa mga kilalang-kilalang tatak at mga sikat na pangalan:

Mga de-tatak na pangalan

- Fiorional with Codeine
- Robitussin A-C
- Tylenol with Codeine
- Empirin with Codeine

Mga Sikat na Tawag

- Captain Cody
- Cody
- Schoolboy
- Doors & Fours
- Pancakes & Syrup
- Loads

- Actiq
- Duragesic
- Sublimaze

- Apache
- China girl
- Dance fever
- Goodfella
- Murder 8

- Tango and Cash
- China white
- Friend
- Jackpot
- TNT

Mga de-tatak na pangalan	Mga sikat na tawag
• Roxanol Duramorph	• M • Miss Emma • Monkey • White Stuff
• OxyContin • Percodan • Percocet • Tylox	• Oxy 80 • Oxycat • Hillbilly heroin • Percs • Perks
• Demerol	• Demmies • Pain Killer
• Dilaudid	• Juice • Dillies

PANANDALIANG MGA EPEKTO NG MGA OPIOID AT MGA DERIBATIBA NG MORPHINE

Kabilang sa panandaliang mga epekto ng mga opioid at mga deribatiba ng morphine ang:

- Pagkahilo
- Napabagal napaghinga
- Pagka-tibe
- Kawalan ng malay
- Pagkaduwal
- Coma

PANGMATAGALANG MGA EPEKTO NG MGA OPIOID AT DERIBATIBA NG MORPHINE

Ang patuloy na paggamit at pag-abuso ng mga opioid ay maaaring magresulta sa pisikal na pagdepende at adiksyon. Ang katawan ay bumabagay sa pagkakaroon ng droga at maaaring magkaroon ng mga sintomas ng withdrawal kapag nabawasan o itinigil ang paggamit. Kabilang dito ang pagkabalisa, pananakit ng kalamnan at mga buto, di makatulog, pagtatae, pagsusuka, at panlalamig na kinikilabutan (tinatawag na “cold turkey”). Maaari ring hindi na tablan ng epekto ng droga ang tao, ibig sabihin ay kailangang taasan ng mga gumagamit na nang matagalan ang kanilang mga dosis para makuha ang parehong “high”.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-abuso sa mga painkiller, tingnan ang booklet sa Katotohanan Tungkol sa Mga Painkiller sa seryeng ito.

Ipinakilala ako ng isang 'kaibigan' ko sa oxy's. Nagsimula ako sa 40 mg na tableta, at pagkatapos ng mga dalawang buwan ay tinaasan ko ito at ginawang 60 mg. **Talagang naadik na ako sa puntong iyon at sinimulan kong nguyain ang mga ito para madaling makakuha nang epekto para hindi ako magkasakit.** Kinailangan kong uminom nito sa umaga pagkagising ko, kung hindi ay magkakasakit ako. Kinailangan kong uminom ng isa pa bago magtanghalian. Pagkatapos ay dalawa pa sa hapon at sa gabi. Alam kong lulong na ako dahil kinakailangan ko ang mga to para makagalaw. Napakasama ng pakiramdam ko kapag wala nito. Hindi lamang sa pisikal na paraan, hindi ko rin kayang humarap sa mga tao o sa buhay nang wala ang mga ito. Pagkatapos ako ay dumating ako sa 80 mg at gumuho ang mundo ko. Nagsimula akong magnakaw mula sa lahat ng mga nakilala ko para lamang makatira...." — Charleen

MGA PAMPASIGLA

Ang mga pampasigla, minsan ay tinatawag na "uppers," ay pansamantalang nagpapataas ng kaliksihan at enerhiya. Ang pinakakaraniwang ginagamit na mga droga sa lansangan na mauuri sa kategoryang ito ay cocaine at mga amphetamine.

Ang inireresetang mga pampasigla ay makukuha bilang tableta o mga kapsula. Kapag inaabuso, ang mga ito ay nilulunok, itinuturok sa likidong anyo o dinudurog at sinisinghot.

Ilan sa mga kilalang-kilalang tatak at mga sikat na pangalan:

Mga de-tatak na pangalan	Mga Sikat na Tawag
• Ritalin • Concerta	• R-ball • Skippy • The smart drug • Vitamin R • JIF • Kibbles and bits
• Biphetamine • Dexedrine	• Speed • Truck drivers • Bennies • Black beauties • Crosses • Hearts • LA turnaround • Uppers

MGA PAMPASIGLA
PANANDALIANG MGA EPEKTO

Kasama sa panandaliang mga epekto ng mga pampasigla ay kapaguran, apatiya at matinding kalungkutan—ang "down" na madaliang sumusunod sa"up." Ang agaran at nagtatagal na kapagurang ito ang dagliang tumutulak sa gumagamit ng pampasigla na muling hangarin ang droga. Hindi magtatagal ay hindi na siya nagsusubok na maging "high," nagsusubok lamang siyang "gumaling"—para makaramdam ng kahit anong enerhiya man lamang.

MGA PAMPASIGLA
PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

Maaaring makasugapa ang mga pampasigla. Ang paulit-ulit na paggamit ng matataas na dosis ng ilang pampasigla sa loob ng maikling panahon ay maaaring humantong sa pakiramdam ng karahasan o paranoia. Ang ganoong mga dosis ay maaari ring magresulta sa mapanganib na mataas na temperatura ng katawan at Iregular na tibok ng puso.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-abuso sa mga inireresetang pampasigla, tingnan ang booklet sa Katotohanan Tungkol sa Pag-abuso sa Ritalin sa seryeng ito.

MGA ANTIDEPRESSANT

Isa pang kategorya ng inireresetang droga na minsan ay inaabuso ay ang mga antidepressant. Kabilang sa mga ito ang Prozac, Paxil, Celexa, Zoloft, Effexor at Remeron. Makukuha ang mga ito bilang kapsulang maraming kulay at mga tableta.

Ipinakita ng mga pag-aaral na kabilang sa mga epekto ng mga drogang ito ang:

- Hindi makatulog
- Pagka-iritable
- Pagkanerbiyos at pagkabalisa
- Bayolenteng kaisipan at mga kilos
- Hindi mapakali
- Mga kaisipan ng pagpapakamatay o pagpapakamatay mismo
- Mga panginginig
- Kasamaan
- Pagpapawis
- Iregular na tibok ng puso
- Pananalakay
- Kriminal na pag-uugali
- Kalituhan at hindi magkakaugnay na mga kaisipan
- Paranoia
- Mga guni-guni
- Kabaliwan
- Akathisia (isang masakit na panloob na pagkabalisa; kawalan ng kakayahang pumirmi sa pagkakaupo)

Natuklasan ng isang pag-aaral na 14% ng mga kabataang gumagamit ng antidepressant ay naging mapusok at bayolente pa. Isang 12 taong gulang na batang lalaki ang nagkaroon ng bayolenteng mga bangungot tungkol sa pagpatay sa kanyang mga kamag-aral, at pagkatapos ay pagkabaril sa kanya mismo. Nagpatuloy na parang “napakatotoo” ng panaginip at pagkatapos magising, at ilang araw siyang nakaranas ng mga panaginip ng pagpatay na naging mas totoo at mas totoo. Panandalian siyang naging mapagpatiwakal hanggang sa tinigilan ang paggamit ng droga.

Pakiramdam ng utak ko ay parang sinisigawan ako nito para kumuha ng mas marami ng mga pildoras na ito, ang mga pakiramdam ko kapag wala ang mga ito ay sobrang hindi talaga makayanan.... Kailangan ko ng mas maraming tulong para malagpasan withdrawal sa Effexor na ito. Napakatindi ng kalungkutan ko na sinimulan kong hiwain ang aking mga kamay, at ni hindi ako sigurado kung bakit. Nagkakaroon ako ng mga guni-guni kada ilang oras at kung anu-anong bagay-bagay ang nakikita ko—ngayong araw na ito ay nakakita ako ng dugong umaagos sa pader." — Rita

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng ilan pang ibang mga halimbawa ng matindi at hindi makatwirang pag-uugali mula sa mga indibidwal sa mga drogang ito. Isang lalaki ang bumunggo ng isang pulis gamit ang kanyang sasakyan para lamang maagaw niya ang baril ng pulis at mabaril ang sarili niya. Ang isa naman ay nilunod ang kanyang sarili at ang kanyang dalawang maliit na anak sa isang bathtub, at ang isang batang lalaki ang bumatuta sa isang malapit na kaibigan nang walang malinaw na kadahilanan. Wala kahit sinuman ang may kasaysayan ng karahasan.

Kabilang sa mga sintomas ng withdrawal ng mga antidepressant ay ang mga kaisipan ng pagpapatiwakal, pananalakay, pagkabalisa, kapighatian, mga pag-iyak, insomnia, pagkahilo, pagsusuka, mga sakit ng ulo, panginginig, at mga pakiramdam ng biglang pagkakuryente sa utak.

KETAMINE

Ang Ketamine, inuri na bilang isang "dissociative anesthetic,"* ay ginagamit sa pulbos o likidong anyo bilang pampamanhid, kadalasang sa mga hayop. Maaari itong iturok, ginagamit sa mga inumin, sinisinghot, o idinadagdag sa mga joint o mga sigarilyo. Ang ketamine ay inilagay sa listahan ng kontroladong mga substansya sa Estados Unidos noong 1999.

Kabilang sa panandalian at pangmatagalang mga epekto ang napabilis na tibook ng puso at napataas na presyon ng dugo, pagkahilo, pagsusuka, pamamanhid, matinding kalungkutan, amnesia, mga guni-guni, at malamang na nakamamatay na mga problema sa baga. Ang mga gumagamit ng ketamine ay maaari ring unti-unting magkaroon ng matinding paghahangad sa droga. Sa matataas na dosis, nakararanas ang mga gumagamit ng isang epektong tinatawag na "K-Hole," isang "nasa labas ng katawan" o "muntik mamatay" na karanasan.

Dahil sa hindi konektado at mala-panaginip na estadong nililikha nito, kung saan ang gumagamit ay nahihirapang gumalaw, ang ketamine ay ginamit na bilang drogang pang-"date-rape".

Mga de-tatak na pangalan

- Ketaset
- Ketalar
- Ketalar SV
- Ketanest
- Ketanest S

Mga Sikat na Tawag

- Special K
- K
- super C
- cat Valium
- jet
- super acid
- green

* dissociative anesthetic: isang drogang sumisira sa pakiramdam sa nakikita at tunog na lumilikha ng mga pakiramdam ng paglayo mula sa kapaligiran at sarili.

PAG-ABUSO SA MGA DROGANG NABIBILI NANG WALANG RESETA

Ang mga gamot sa sipon at ubo na nabibili nang walang reseta na naglalaman ng drogang Dextromethorphan (DXM) ay inabuso rin. Ang DXM ay ibenibenta sa anyong sirup, gel at tableta. Kapag ibinebenta sa Internet bilang pulbos, karaniwang mapanganib ito dahil sa walang katiyakan sa komposisyon at dosis nito. Matatagpuan ito sa higit pa sa 100 produkto; Ang Coricidin at Robitussin ang pinaka-inaabuso.

Mga de-tatak na pangalan

- Coricidin
- Robitussin

Mga Sikat na Tawag

- DXM
- CCC
- Triple C
- Skittles
- Robo
- Poor Man's PCP

MGA EPEKTO NG COUGH SYRUP (DXM)

- Biswal na mga guni-guni
- Sobrang madaling mairita
- Hindi makatulog
- Katamaran
- Pisikal na pagdepende (sa matagalang paggamit)
- Pagkahilo
- Hindi malinaw na pananalita
- Mga delusyon
- Pagpapawis
- Mataas na presyon ng dugo
- Kapinsalaan sa atay at utak

Ginamit kasabay ng ibang droga, ang cough syrup ay maaari ring magdulot ng mga problema sa pangunahing sistema ng nerbiyos at mga problema sa puso. Ginamit kasabay ng alkohol, napakamapanganib nito at maaaring magresulta sa kamatayan.

EMERGENCY

Ang aking karanasan sa DXM: Nagsimula akong umihi ng dugo. Hindi maganda ang pakiramdam ko... Mahina ang pakiramdam ng katawan ko... Isinuko ko ang lahat dahil humaling na humaling ako sa paggamit... Ang tanging inisip ko lamang ay ang pagiging "high"... Akala ko ay maaari kong gamitin ang Coricidin para sa kasiyahan lamang, na bale wala lamang ito. Hindi ko inaasahang maging sugapa ako... Hindi ko na kailanman maibabalik ang panahong iyon. Kung maaari ko lamang burahin ito at tanggalin ito, gagawin ko.' — Crystal



PANDAIGDIGANG ESTADISTIKA

Bawat araw sa Estados Unidos, 2,500 kabataan (12 hanggang 17 taong gulang) ang umaabuso sa inireresetang mga pampaginhawa ng sakit sa unang pagkakataon.

Ang pag-abuso sa inireresetang droga, habang pinakalaganap sa Estados Unidos, ay isang problema sa maraming lugar sa buong mundo kabilang na sa Europa, Southern Africa at South Asia. Sa Estados Unidos lamang, mahigit sa 15 milyong tao ang umaabuso sa inireresetang mga droga, higit pa sa pinagsamang bilang na nag-ulat ng pag-abuso sa cocaine, mga hallucinogen (mga pampaguni-guni), mga de-langhap at heroin.Noong 2006 sa Estados Unidos, 2.6 milyong tao ang umabuso sa inireresetang mga droga sa unang pagkakataon.

Natuklasan ng isang sarbey noong 2007 sa Estados Unidos na 3.3% sa 12 hanggang 17 taong gulang at 6% sa 17 hanggang 25 taong gulang ang umabuso ng inireresetang mga droga noong nakaraang buwan.

Ang pag-abuso sa inireresetang mga droga ang nagdudulot ng pinakamalaking porsiyento mula sa pagkasobra sa droga. Sa 22,400 kamatayan dahil sa pagkasobra sa dosis ng droga sa Estados Unidos noong 2005, ang mga opioid painkiller ang pinakakaraniwang natatagpuang droga, ang dahilan ng 38.2% sa mga kamatayang ito.



SANHI NG MGA KAMATAYAN

Mga Iniireresetang Droga

45%

Ginamit Kasama Ng Mga Droganang Makukuha sa Kalye

39%

Amphetamine

+

Methamphetamine

+

Heroin

+

Cocaine

Noong 2005, 4.4 milyong kabataan (12 to 17 taong gulang) sa Estados Unidos ang umamin sa paggamit ng iniireresetang mga painkiller, at 2.3 milyon ang gumamit ng isang iniresetang pampasigla tulad ng Ritalin. 2.2 milyon ang umabuso ng walang resetang mga gamot katulad ng cough syrup. Ang humigit-kumulang na edad ng mga gumagamit sa unang pagkakataon ngayon ay 13 hanggang 14 taong gulang.

Ang mga depressant, mga opioid at mga antidepressant ay responsable sa mas maraming kamatayan dahil sa overdose (45%) kaysa sa cocaine, heroin, methamphetamine at amphetamine (39%) na pinagsama-sama. Sa Estados Unidos, karamihan sa mga kamatayan ay nangyayari dati sa loobang mga lungsod sa mga sambahayang African-American, ngunit nalagpasan na ito ngayon ng panlalawigang komunidad ng mga puti. Ang katulad na takbo ay maaaring makita sa mga bilang ng nao-ospital sa pag-abuso ng mga substansya at agarang hospitalisasyon para sa pagkasobra sa dosis. Sa 1.4 milyon na may-kaugnayan sa drogang pagpasok sa emergency room noong 2005, 598,542 ay may kaugnayan sa pag-abuso sa mga gamot o sa ibang mga droga.

Ayon sa sarbey, halos 50% ng mga kabataan ay naniniwalang ang inireresetang mga gamot ay mas ligtas kaysa sa ilegal na mga drogang makukuha sa kalye—60% hanggang 70% ang nagsasabi na ang mga kabinet ng gamot sa kanilang bahay mismo ang kanilang pinagkukunan ng mga droga.

Ayon sa National Center on Addiction and Substance Abuse (Pambansang Sentro sa Adiksyon at Pag-abuso sa Substansya) sa Columbia University, ang mga kabataang umaabuso ng mga inireresetang mga droga ay dalawang beses na mas malamang na gumamit ng alkohol, limang beses na mas

malamang na gumamit ng marijuana, at labindalawa hanggang dalawampung beses na mas malamang na gumamit ng ilegal na mga drogang makukuha sa kalye tulad ng heroin, Ecstasy at cocaine kaysa sa mga kabataang hindi umaabuso ng inireresetang mga droga.

Noong 2007, natuklasan ng Drug Enforcement Administration na ang pag-abuso sa painkiller na Fentanyl ay nakapatay ng mahigit sa 1,000 tao noong taong iyon sa Estados Unidos. Ito ay 30 hanggang 50 na ulit na mas malakas kaysa sa heroin.

Napagtanto kong gumagamit ako ng parami nang paraming Xanax nang palagian. Lumiban ako sa trabaho para makatigil ako sa paggamit nito. Nang wala akong kaalam-alam na adik na ako, nag-'cold turkey' ako. Sa loob ng apat na araw at gabi ay naratay ako. Hindi ako natulog o kumain. Nagsuka ako. Nagkaroon ako ng mga guni-guni. Sa ikatlong araw nang walang Xanax ay nagsimulang naging hindi magkakatugma ang kilos ko, nawalan ng balanse at bumabangga sa mga bagay-bagay. Sa ikaapat na araw ako ay sobrang nag-alala na ako noong nagsimula akong magkaroon ng pakiramdam ng pagkikislot."

— Patricia

Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta. Ang kaunti ay nagsisilbing pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.

Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya habang nagbibigay ng panandaliang tulong sa anyo ng pagpapaginhawa sa sakit, pinapatay rin nila ang kakayahan at ang pagkalisto at pinapalabo ang pag-iisip ng isang tao.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapabagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito. Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.



Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.

BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para "makatakas" o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.

MGA SANGGUNIAN

"Drug Scheduling," U.S. Drug Enforcement Administration

"Selected Prescription Drugs with Potential for Abuse," National Institute on Drug Abuse

International Narcotics Control Board

Office of Drug Control Policy

"Prescription Sedatives & Tranquilizers," Partnership for a Drug-Free America

Statement by Leonard J. Paulozzi before Senate Judiciary Subcommittee on Crimes and Drugs, 12 March 2008

Center for Substance Abuse Research

National Survey on Drug Use and Health 2007

Suicidality, violence and mania caused by SSRIs: A review and analysis, P. Breggin.

"Depressants," US Department of Health & Human Services and SAMHSA's National Clearinghouse for Alcohol & Drug Information

"Prescription drugs a gateway for teen drug abuse," *Houston Chronicle*, 4 September 2008

PHOTO CREDITS:
Page 2, page 9: Stockxpert; page 15: Sweet Faux Pas; page 24: Wes Tarca.

Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyong nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga. Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga. Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:

Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA

drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph
Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)

© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-13-FIL